

Ang mga migranteng manggagawa na may kumpirmadong COVID-19 Paliwanag ng mga benepisyo sa Labor Insurance

Ang mga karapatan ng mga nakaseguro sa Labor Insurance upang mag-claim ng mga benepisyo sa seguro ay hindi nag-iiba ayon sa nasyonalidad. Ang mga manggagawa na sumali sa Labor Insurance at na kumpirmadong may COVID-19 sa panahon ng insurance ay maaaring makipag-ugnayan sa naka-insured na yunit upang mag-aplay para sa mga benepisyo sa pagbabayad sa loob ng 5-taong panahon ng limitasyon ayon sa mga regulasyon:

1. Kabayaran sa Pinsala at Sakit sa Labor Insurance

- (1) Ang nakaseguro sa Labor Insurance na "na-ospital" para sa paggamot dahil sa impeksyon ay hindi makapagtrabaho, kaya hindi makuha ang orihinal na suweldo, at habang ginagamot, mula sa ika-4 na araw ng pagka-ospital at hindi makapagtrabaho, ay maaaring mag-aplay ng ordinaryong pinsala at benepisyo sa sakit.
- (2) Ang mga taong nakaseguro na kumpirmadong may COVID-19 bago ang Marso 19, 2023 (kasama), ang mga nasa "group quarantine facility" o "enhanced quarantine hotel" ng munisipyo o county (lungsod) na pamahalaan para sa medikal na paggamot, o sa panahon ng pagsasagawa ng pangangalaga sa bahay, ay maaari ding mag-aplay.
- (3) Mga pamamaraan ng aplikasyon:
 1. Application form para sa Injury or Sickness Benefits (Temporary Disability Benefits) ng Labor Insurance at resibo ng bayad.
 2. Ang orihinal na kopya ng sertipiko ng diagnosis ng pinsala o ng sakit. Ang mga kumpirmadong may COVID-19 bago ang Marso 19, 2023 (kasama), na mayroon kalakip na "COVID-19 Designated Residence Isolation (Home Isolation) Notice", Digital COVID-19 Certificate, ang screenshot ng Healthcare Autotoll na naiulat ang nakumpirma na positibong pagsusuri at at iba pang nauugnay na impormasyon, ay hindi kailangan maglakip ng sertipiko ng diagnosis.
 3. Photocopy ng Residence Permit ng nakaseguro, Pasaporte o Entry at Exit Permit.

2. Kabayaran sa may kapansanan

- (1) Ang mga taong nakaseguro na nahawaan ng sakit at ang kasalukuyang sintomas ay nananatiling matatag pagkatapos ng paggamot. Ngunit walang inaasahang pagpapabuti kahit na ang pagpapatuloy ng paggamot. Matapos na ma-diagnose bilang permanenteng may kapansanan ng mga kwalipikadong ospital na sinusuri ng Bureau of National Health Insurance, at ang antas ng kapansanan ay nakakatugon sa mga probisyon ng pamantayan sa pagbabayad ng kapansanan, maaaring mag-aplay para sa benepisyo ng pensiyon para ordinaryong kapansanan.
- (2) Mga pamamaraan ng aplikasyon:
 1. Application form para sa Permanent Disability Benefits ng Labor Insurance at resibo ng bayad.
 2. Sertipiko ng diagnosis ng kapansanan ng Labor Insurance.
 3. Matapos sumailalim sa medikal na pagsusuri, ilakip ang ulat ng pagsusuri at mga kaugnay na larawan.
 4. Photocopy ng Residence Permit ng nakaseguro, Pasaporte o Entry at Exit Permit.
3. Ang kabayaran sa personal death
 - (1) Kung ang nakaseguro ay namatay dahil sa impeksyon, ang kanyang survivors ay maaaring mag-aplay para sa mga benepisyo sa kamatayan.
 - (2) Mga pamamaraan ng aplikasyon:
 1. Application form para sa Personal Death Benefit ng Labor Insurance at resibo ng bayad.
 2. Sertipiko ng kamatayan o sertipiko ng autopsy ng tagausig.
 3. Photocopy ng Residence Permit ng nakaseguro, Pasaporte o Entry at Exit Permit.
 4. Kung ang benepisyaryo ay personal na pumunta sa Taiwan para mag-apply, kailangan niyang magsumite ng kopya ng sertipiko ng relasyon sa pamilya, passport ng beneficiary, at kopya ng Residence Permit. Kung walang residence permit, dapat na nakalakip ang kopya ng Entry at Exit Permit (mangyaring lagyan ng selyo ng insured unit ang kopya, at patunayan na tugma sa orihinal).
 5. Kapag ang benepisyaryo ay hindi makapunta sa Taiwan upang

i-claim ang bayad, ang benepisyaryo ay maaaring kumuha ng power of attorney at maglakip ng mga dokumento ng pagkakakilanlan na nagpapatunay ng pagkakamag-anak, ipagkatiwala ang koleksyon at pagpapasa, o ilipat ito sa account ng benepisyaryo sa ibang bansa.

6. Ang power of attorney at mga sumusuportang dokumento ay dapat kasama ang orihinal na teksto at ang salin sa wikang Chinese (ang sertipiko ng kamatayan at sertipiko ng relasyon ng pamilya na may sapat na pagkakakilanlan sa Ingles ay hindi kinakailangan ang pagsasalin ng Chinese), Ipadala sa ating embahada sa ibang bansa para sa verification, Kung ang salin ng Chinese ay hindi pa na verify, ito ay dapat na magpanotaryo sa isang Hukuman o sibil na notaryo. Kapag pinupunan ang application form, "Pangalan ng Aplikante" ay dapat punan ng impormasyon ng benepisyaryo, at ang patlang na "Lagda ng Aplikante" ay dapat pirmahan ng katiwala. Kapag ang pinagkatiwalaang tao ay ang insured unit, ang selyo ng insured unit at ang taong namamahala ay dapat na nakakabit.

(3) Ang hanay ng paghahabol sa mga survivors:

1. Asawa at mga anak
 2. Mga magulang
 3. Mga lolo at lola
 4. Nakadepende na mga apo
 5. Nakadependena na mga kapatid
4. Kapag nag-a-aplay para sa mga benepisyo sa sakuna sa trabaho sa kawanihan na ito, maliban sa mga dokumentong kinakailangan para sa mga nabanggit na benepisyo, mangyaring sabihin ang nilalaman ng trabaho, ang sanhi ng sakit at ang pinagdaanan, at magbigay ng mga nauugnay na materyales sa pagsuporta (halimbawa: impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa nakumpirma na tao, mga dokumento ng pagkakalista na inaabisuhan ng karampatang awtoridad sa kalusugan, mga resulta ng pagsusuri sa PCR, atbp.), pagkatapos ng malawakang pagsusuri ng Kawanihan ang totoong sitwasyon ng kaso at may kaugnayan sa trabaho, maaari itong matukoy bilang isang sakuna sa trabaho.

**～Ang Bureau of Labor Insurance ng Ministry of Labor ay
nagmamalasakit sa iyo～**